



## County ng San Mateo, Nasa Dilaw na Tier na ng Estado

Mayo 12, 2021

Minamahal na May-ari/Operator ng Negosyo,

Layunin ng plano ng Estado ng California na tinatawag na [Blueprint para sa Mas Ligtas na Ekonomiya](#) na pigilan ang COVID-19. Napapailalim ang bawat county sa isa sa apat na kulay ng tier - sa purple (napakarami), pula (marami), orange (katamtaman), at dilaw (kaunti) batay sa pagiging laganap ng COVID-19 Ipinapahiwatig ng mga kulay kung paano tumatakbo ang mga sektor ng industriya.

Noong Mayo 12, 2021 (sa 12:01 a.m.), nailipat na ang County ng San Mateo sa pinakamaluwag na Dilaw na Tier. Ibig sabihin, maliban na lang kung nakasaad sa Utos sa Kalusugan ng County ng San Mateo, tatakbo ang mga negosyo at aktibidad sa ilalim ng Dilaw na Tier.

Pakibasa ang dokumentong [Mga Tier ng Aktibidad at Negosyo sa Blueprint](#) para maunawaan kung aling mga aktibidad at negosyo ang nakabukas sa apat na tier.

**Mahalagang Paalala:** Posibleng gawin ang pagtatalaga ng tier sa anumang araw ng linggo, at puwede itong mangyari nang mahigit sa isang beses bawat linggo. Pakibasa nang mabuti kung anong mga aktibidad at negosyo ang pinapayagan sa ilalim ng [tier na kasalukuyang nakatalaga sa County ng San Mateo](#) at manatiling alerto para sa mga pagbabago sa pagtatalaga ng tier.

### PINAPAYAGAN NA ANG MGA SUMUSUNOD SA PAGLIPAT SA DILAW NA TIER:

**Lahat ng Retail** (kasama ang kritikal na imprastruktura, maliban sa mga standalone na grocer)

- Nakabukas indoors nang may mga modipikasyon

**Mga Shopping Center** (mga mall, destination center, swap meet)

- Nakabukas indoors nang may mga modipikasyon
- Mga food court na binawasan ang kapasidad (tingnan ang mga restaurant)



**Mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Sarili** (mga nail salon, masahe, body art, atbp.)

- Nakabukas indoors nang may mga modipikasyon

**Mga Museo, Zoo, at Aquarium**

- Nakabukas indoors nang may mga modipikasyon

**Mga Sinehan**

- Nakabukas indoors nang may mga modipikasyon sa maximum na 50% na kapasidad

**Mga Hotel at Matutuluyan**

- Nakabukas indoors nang may mga modipikasyon, kung saan pinapayagan ang mga fitness center sa 50% na kapasidad
- Puwedeng magbukas ang mga indoor na pool, hot tub, sauna, at steam room nang may mga modipikasyon

**Mga Gym at Fitness Center**

- Nakabukas indoors nang may mga modipikasyon, kung saan 50% ang maximum na kapasidad
- Puwedeng magbukas ang mga indoor na pool, hot tub, sauna, at steam room nang may mga modipikasyon

**Mga Restaurant**

- Nakabukas indoors nang may mga modipikasyon, kung saan 50% ang maximum na kapasidad

**Mga Winery, Brewery, at Distillery**

- Kapag hindi naghahain ng pagkain - nakabukas indoors nang may mga modipikasyon, kung saan 50% o 200 tao ang maximum na kapasidad, alinman doon ang mas kaunti
- Kung naghahain ng pagkain - sundin ang gabay sa mga restaurant

**Mga Bar**

- Kapag hindi naghahain ng pagkain - nakabukas indoors nang may mga modipikasyon, kung saan 25% o 100 tao ang maximum na kapasidad, alinman doon ang mas kaunti
- Kung naghahain ng pagkain - sundin ang gabay para sa mga restaurant

**Mga Pampamilyang Entertainment Center**

- Nakabukas indoors sa 50% kapasidad nang may mga modipikasyon, 75% ang kapasidad kung nasuri ang lahat ng bisita o kung makakapagpakita sila ng patunay na kumpleto sila sa bakuna
- 100% pagsusuot ng mask maliban sa mga serbisyo sa pagkain at inumin
- Dapat limitahan ang pagkonsumo ng pagkain at inumin sa mga nakalaang lugar na hiwalay sa lugar para sa aktibidad

**MGA ALITUNTUNIN SA MGA PAGTITIPON AT EVENT SA DILAW NA TIER:**

**Mga Outdoor na Live Event (mga sports event, concert, atbp.)**

- Limitado sa 67% kapasidad ang mga outdoor na live event na may mga nakatalagang upuan at kontroladong pakikihalubilo\*
- Mga bisita na mula lang sa loob ng estado
- Mga indoor na concession sa mga nakalaang lugar

#### **Mga Pribadong Event (mga meeting, reception, conference)**

- Limitado ang mga outdoor na pagtitipon na may mga nakatalagang upuan at kontroladong pakikihalubilo\* sa 200 tao (tataas at magiging 400 tao ang kapasidad kung makakapagpakita ang lahat ng bisita ng negatibong pagsusuri para sa COVID-19 o ng patunay na kumpleto sa bakuna)

#### **Mga Outdoor na Hindi Pormal na Pagtitipon**

- Limitado sa 100 tao ang mga outdoor na hindi pormal na pagtitipon

#### **Mga Indoor na Seated Live Event**

- Mga bisita na mula lang sa loob ng estado
- Pinapayagan nang may limitadong kapasidad at kontroladong pakikihalubilo\*
- Ang mga venue na may kapasidad na 1-1,500 tao ay limitado sa 25% kapasidad o 300 tao
- Ang mga venue na may 1,501 tao pataas ay limitado sa 10% o 2,000 tao
- Tataas at magiging 50% ang kapasidad para sa anumang venue kung makakapagpakita ang lahat ng bisita ng patunay ng negatibong pagsusuri para sa COVID-19 o ng pagiging kumpleto sa bakuna

\*Inilalarawan ang kontroladong pakikihalubilo bilang: pagdistansya sa isa't isa, advance na pagbili ng ticket, pagtatalaga ng mga lugar para sa pagkain at pag-inom, at paglimita ng attendance sa mga bisita mula sa loob ng estado.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagbalik ng County ng San Mateo sa Dilaw na Tier ng Estado, basahin ang press release ng [County noong Mayo 11, 2021](#).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan at resources sa negosyo sa panahon ng COVID-19, bumisita sa [smchealth.org/eh](http://smchealth.org/eh).